



SALOWIKA CARDS: KOLABORATIBONG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA PAGPAPALAWAK NG KAALAMAN SA FILIPINO

Nidia Nadal Rana

Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa Salowika Cards: Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino. Layunin nitong masukat ang antas ng Salowika Cards bilang kolaboratibong kagamitan sa pagtuturo, ang antas ng kaalaman at pagganap ng mag-aaral, layon ding mabatid kung may makabuluhang kaugnayan ba ang salowika cards sa pagpapalawak ng kaalaman ng mag-aaral at kung may epekto ang paggamit nito sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyong deskriptibong korelasyonal. Ang mga limampu't apat (54) na mag-aaral mula sa Lumban Senior High School, Lumban, Laguna taong panuruan 2025-2026 ang naging taga-tugon sa pag-aaral na ito. Nangalap ng datos sa pamamagitan ng talatanungan at ang mga nakalap ay sinuri gamit ang mga istatistikal na pamamaraan na tulad ng weighted mean, standard deviation, pearson-r, at simple linear regression analysis.

Batay sa mga natuklasan, ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang kagamitang pampagtuturo ay lubhang mabisa sa lahat ng tuntunin. Ipinakikita ng mga aspektong ito ang mataas na kalidad at kaakit-akit. Lumabas na lubhang mabisa ang Salowika Cards batay sa pag-uugali sa pagkatuto, pamamahala sa pagkatuto, at pamamahala ng kasanayan. Napalakas nito ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral at ang praktikal na paggamit ng wika, na nagpapatunay na ang kolaboratibong estratehiya ay nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng pagmamay-ari sa sariling pagkatuto. Sa pagganap ng mga mag-aaral, ang resulta ng pagsusulit ay nasa antas na very satisfactory, na may mataas na porsiyento ng outstanding na marka. Natuklasan din ang makabuluhang epekto ng Salowika Cards sa parehong pagpapalawak ng kaalaman at akademikong pagganap. Ito ay nangangahulugang ang pag-aaral na ito ay epektibong kagamitang pampagtuturo na nagpapalawak sa kaalaman at nagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino."

Ang Salowika Cards ay nagpakita ng makabuluhang epekto sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang lahat ng haypoteses ng pag-aaral ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang at napatunayan na mayroong positibong pagbabago sa mga mag-aaral sa oras ng talakayan simula ng gamitin ang Salowika Cards.

Inirerekomenda ang Salowika Cards bilang isang transformative at epektibong kagamitang pampagtuturo na may praktikal at pangmatagalang benepisyo sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino.

SUSING SALITA: Salowika Cards, Kolaboratibong Pagkatuto, Kagamitang Pampagtuturo, Pagpapalawak ng Kaalaman, Filipino, Interaktibong Pagkatuto

1. Panimula

Sa pagsabay ng edukasyon sa mabilis na pagbabago ng ika-21 siglo, nagiging mahalagang tungkulin ng mga guro ang pagdisenyo ng mga modernong, malikhain, at episyenteng paraan ng pagtuturo na hindi lamang nagbibigay ng impormasyon kundi nagpapalalim din ng pag-unawa at nagpapalawak ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Sa harap ng makabagong teknolohiya at nagbabagong anyo ng pagkatuto, kinakailangang isaalang-alang ng mga guro ang mga estratehiyang makaaakit ng atensyon, magpapasigla sa interes, at magpapalawak sa kaalaman ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto at naisasabuhay ng mga mag-aaral ang mga konseptong kanilang natutuhan sa loob at labas ng silid-aralan.

Ayon kay Cruz (2020), ang kakulangan ng mga inobatibong kagamitan at estratehiya ay may direktang epekto sa antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Malaki ang ambag ng mabisang estratehiya sa larangan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, at nasa kamay ng kaguruan ang mga paraan at hakbang upang ito ay maisakatuparan. Tungkulin ng guro na magampanan ang kanilang gawain sa pamamagitan ng paglikha ng mabisang estilo ng pagtuturo, tulad na lamang ng paggamit ng laro sa loob ng klase. Kaugnay nito, marami na rin ang umuusbong na mga nakagaganyak na iba't ibang laro bilang

estrategiya dahil napatunayang mas nagiging aktibo ang bata sa pakikilahok sa klase kapag may mga laro. (Hartt et al. 2020).

Ang pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ay nakabatay sa kolaboratibong teorya ng pagkatuto, kung saan ang mga gawain tulad ng group discussions at peer interactions ay nagpapalakas ng bokabularyo, pag-unawa sa pagbasa, at kritikal na pag-iisip, gaya ng ipinapakita sa mga pananaliksik sa mga mag-aaral. Ang collaborative learning strategies ay nagpapabuti ng language proficiency sa Filipino sa pamamagitan ng pagtaas ng engagement at confidence ng mga mag-aaral. Higit pa rito, ang kolaboratibong pag-aaral ay may positibong ugnayan sa pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa wika, na nagiging epektibo sa kontekstong Pilipino.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masusing suriin Salowika Cards: Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino isang kolaboratibong kagamitang pampagtuturo na naglalayong pag-ibayuhin ang pagkatuto sa Filipino sa pamamagitan ng masiglang interaksyon, masining na pagpapahayag, at makabuluhang talakayan. Layunin ng kagamitang ito na gawing mas kawili-wili at makabuluhan ang pagtalakay sa wika at kulturang Filipino, habang isinasabuhay ng mga mag-aaral ang mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Sa kabuuan, itinatampok ng pag-aaral na ito ang Salowika Cards bilang isang makabagong estratehiya sa pagtuturo na hindi



lamang nakatuon sa akademikong kaalaman kundi pati sa paglinang ng kolaborasyon, malikhaing pag-iisip, at pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang daluyan ng kultura, identidad, at pambansang kamalayan na makatutulong upang mas mapaunlad ang pagiging maka-Filipino at makabansa ng mga mag-aaral.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay patungkol sa Salowika Cards: Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay ginabayan ng mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral batay sa:

1.1 Kagamitan sa Paglalaro;

1.2 Mekaniks;

1.3 Disenyo;

1.4. Kalinawan; at

1.5. Hikayat sa Gamit?

2. Ano ang antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa:

2.1 Pag-uugali sa Pagkatuto;

2.2. Pamamahala sa Pagkatuto; at

2.3. Pamamahala ng Kasanayan?

3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit?

4. May makabuluhang kaugnayan ba ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa antas ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino?

5. May makabuluhang epekto ba ang paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral?

2. METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyong deskriptibong korelasyonal. Ang mga limampu't apat (54) na mag-aaral mula sa Lumban Senior High School, Lumban,

Talahanayan 1.

Antas ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga Mag-aaral Ayon sa Kagamitan sa Paglalaro

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
Nagpapakita ng tibay ang mga Salowika Cards at maaaring gamitin nang paulit-ulit sa iba't ibang aktibidad.	4.52	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-daan ang laki at anyo ng mga card upang madaling hawakan at basahin ng mga mag-aaral.	4.52	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Naglalaman ang mga Salowika Cards ng malinaw na impormasyon na tumutugon sa layunin ng aralin.	4.78	0.42	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng pagiging kumpleto at sapat ang mga bahagi ng Salowika Cards upang maisagawa nang buo ang laro.	4.50	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang kalidad ng kagamitan upang maging mas epektibo at organisado ang aktibidad.	4.57	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.48	Lubos na Mabisa	
SD	0.46		
Berbal na Interpretasyon			

Laguna taong panuruan 2025-2026 ang naging taga-tugon sa pag-aaral na ito. Nangalap ng datos sa pamamagitan ng talatanungan at ang mga nakalap ay sinuri gamit ang mga istatistikal na pamamaraan na tulad ng weighted mean, standard deviation, pearson-r, at simple linear regression analysis.

3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpresenta ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng Pahayag ng Suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusuportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang epekto ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino, at Pagganap ng mga Mag-aaral. Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

Antas ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga Mag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ay tumutukoy sa Kagamitan sa Paglalaro, Mekaniks, Disenyo, Kalinawan at Hikayat sa Gamit.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag, *Mean*, *Standard Deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Kalakip din nito ang mga puna at berbal na interpretasyon upang higit na maipaliwanag ang kahulugan ng mga numerikal na resulta at mailarawan ang pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Salowika Cards bilang kolaboratibong kagamitang pampagtuturo. Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral.

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang kolaboratibong kagamitang pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa kagamitan sa Paglalaro.



Naglalaman ang mga Salowika Cards ng malinaw na impormasyon na tumutugon sa layunin ng aralin na may ($M = 4.78$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Kagamitan sa Paglalaro at sinusupportahan ng ($SD = 0.42$). Gayundin, nakatutulong ang kalidad ng kagamitan upang maging mas epektibo at organisado ang aktibidad na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.50$) na may ($SD = 0.50$), ipinapapakita pa rin nito ng pagiging kumpleto at sapat ang mga bahagi ng Salowika Cards upang maisagawa nang buo ang laro.

Ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa Kagamitan sa Paglalaro ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.48 at *standard deviation* na 0.46 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ang mga resulta ay nagpapahiwatig ng mataas na kalidad, kakumpletohan, at kakayahang tumugon sa layunin ng aralin, na sumusuporta sa potensyal nitong pagpapahusay sa kolaboratibong pag-aaral ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2.

Antas ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga Mag-aaral Ayon sa Mekaniks

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
Nagpapakita nang malinaw at madaling sundan na panuntunan ang paggamit ng Salowika Cards.	4.31	0.47	Lubos na sumasang-ayon
Naitutugma ang mekaniks ng laro sa layunin ng pagpapalawak ng kaalaman sa wikang Filipino.	4.63	0.49	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng organisadong hakbang ang laro na hindi nakalilito para sa mga mag-aaral.	4.44	0.54	Lubos na sumasang-ayon
Nagsisilbing gabay ang malinaw na mekaniks upang makibahagi ang lahat sa laro.	4.52	0.54	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-daan ang mekaniks sa aktibong partisipasyon at kolaborasyon ng mga mag-aaral.	4.61	0.49	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.50		
SD	0.48		
Berbal na Interpretasyon	Lubos na Mabisa		

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa mekaniks.

Naitutugma ang mekaniks ng laro sa layunin ng pagpapalawak ng kaalaman sa wikang Filipino na may ($M = 4.63$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Mekaniks at sinusupportahan ng ($SD = 0.49$). Gayundin, nagbibigay-daan ang mekaniks sa aktibong partisipasyon at kolaborasyon ng mga mag-aaral na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.31$) na may ($SD = 0.47$), ipinapapakita pa rin nito ang malinaw at madaling sundan na panuntunan ang paggamit ng Salowika Cards.

Ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral

ayon sa Mekaniks ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.50 at *standard deviation* na 0.48 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ang mga resulta ay nagpapatunay na ang mekaniks sa pagtugon sa layunin ng aralin, pagpapahusay ng partisipasyon, at paglilina ng panuntunan, na ginagawang epektibong tool ito para sa kolaboratibong pagtuturo ng wikang Filipino.

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa disenyo.

Talahanayan 3.

Antas ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga Mag-aaral Ayon sa Disenyo

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
Nagpapakita ng kaaya-ayang disenyo ang Salowika Cards na nakatutulong sa pagpapanatili ng interes sa laro.	4.61	0.49	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-diin ang paggamit ng kulay, hugis, at layout sa card sa malinaw na pag-unawa nang hindi nakalilito.	4.67	0.48	Lubos na sumasang-ayon
Nagpakita nang malinaw at nababasang teksto ang bawat Salowika Card.	4.67	0.48	Lubos na sumasang-ayon
Naiaangkop ang disenyo sa edad, antas, at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.	4.67	0.48	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang visual na disenyo ng Salowika Cards sa mabilis na pagkilala ng paksa at gawain.	4.63	0.49	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.65		
SD	0.45		
Berbal na Interpretasyon	Lubos na Mabisa		



Nagbibigay-diin ang paggamit ng kulay, hugis, at layout sa card sa malinaw na pag-unawa nang hindi nakalilito, nagpakita nang malinaw at nababasang teksto ang bawat Salowika Card at naiaangkop ang disenyo sa edad, antas, at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na may ($M = 4.67$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Disenyo at sinusuportahan ng ($SD = 0.48$). Gayundin, nakatutulong ang visual na disenyo ng Salowika Cards sa mabilis na pagkilala ng paksa at gawain na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.61$) na may ($SD = 0.49$), ipinapapakita pa rin nito ang kaaya-ayang disenyo ng Salowika Cards na nakatutulong sa pagpapanatili ng interes sa laro.

Ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral

Talahanayan 4.

Antas ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga Mag-aaral Ayon sa Kalinawan

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
Naisulat ng malinaw ang mga tagubilin at tanong sa bawat Salowika Card.	4.70	0.46	Lubos na sumasang-ayon
Naiintindihan agad ang layunin o gawain sa bawat card kahit walang karagdagang paliwanag.	4.45	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Gumamit ng mga salitang pamilyar at naaangkop sa antas sa Salowika Card.	4.56	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Madaling maunawaan ang bawat bahagi o nilalaman ng mga card dahil sa malinaw nitong pagkakapresenta.	4.65	0.48	Lubos na sumasang-ayon
Naisasagawa nang madali ng mga mag-aaral ang kabuuang nilalaman ng Salowika Cards.	4.56	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.59		
SD	0.46		
Berbal na Interpretasyon	Lubos na Mabisa		

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa kalinawan.

Naisulat ng malinaw ang mga tagubilin at tanong sa bawat Salowika Card na may ($M = 4.70$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Kalinawan at sinusuportahan ng ($SD = 0.46$). Gayundin, madaling maunawaan ang bawat bahagi o nilalaman ng mga card dahil sa malinaw nitong pagkakapresenta na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.45$) na may ($SD = 0.50$), ipinapapakita pa rin nito na naiintindihan agad ang layunin o gawain sa bawat card kahit walang karagdagang paliwanag.

Ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa Kalinawan ay nakamit ng kabuuang weighted mean score na 4.59 at standard deviation na 0.46 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, nagpakita ito ng malinaw na tagubilin, madaling maunawaan na nilalaman, at instant comprehension ng layunin kahit walang extra paliwanag. Kaya ito ay ideal na kagamitan para sa epektibong kolaboratibong pagtuturo sa Filipino.

ayon sa Disenyo ay nakamit ng kabuuang weighted mean score na 4.65 at standard deviation na 0.45 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, nagpakita ito ng malinaw na layout, nababasang teksto, at age-appropriate na visual appeal na hindi nakalilito at nagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang ganitong disenyo ay hindi lamang nakakaakit sa paningin, kundi nagsisilbi ring mabisang gabay upang mapukaw ang kritikal na pag-iisip at masiglang pakikilahok ng bawat isa. Ang positibong katangiang ito ng materyales ang nagtitiyak na ang pagkatuto ay magiging isang magaan at makabuluhang karanasan para sa lahat. Tinitiyak nito ang mas masigla at epektibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Kaya perpekto itong kagamitan para sa mabilis na pag-unawa at kolaborasyon sa klase.

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng Antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa Hikayat sa Gamit.

Nakakapagpaenganyo sa mga mag-aaral na matuto sa mga malikhaing mga tanong sa Salowika Cards na may ($M = 4.72$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Hikayat sa Gamit at sinusuportahan ng ($SD = 0.45$). Gayundin, nagpapaaktibo ng atensyon ng mga mag-aaral ang maayos at kaaya-ayang presentasyon ng mga bahagi ng Salowika Cards na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.60$) na may ($SD = 0.49$), ipinapapakita pa rin nito na nagpapasigla sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang kabuuang nilalaman ng Salowika Cards.



Talahanayan 5.

Antas ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga Mag-aaral Ayon sa Hikayat sa Gamit

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
<i>Nahihikayat ang mga mag-aaral na magpahayag mg sariling kaisipan batay sa tanong na nakapaloob sa Salowika Cards.</i>	4.66	0.48	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagpapasigla sa interes ng mga mag-aara; na makilahok sa gawain ang mensaheng ipinabatid ng Salowika Cards.</i>	4.68	0.47	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagpapaaktibo ng atensyon ng mga mag-aaral ang maayos at kaaya-ayang presentasyon ng mga bahagi ng Salowika Cards.</i>	4.70	0.46	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagpapasigla sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang kabuuang nilalaman ng Salowika Cards.</i>	4.60	0.49	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakapagpaenganyo sa mga mag-aaral na matuto sa mga malikhaing mga tanong sa Salowika Cards.</i>	4.72	0.45	Lubos na sumasang-ayon
<i>Weighted Mean</i>	4.67		
<i>SD</i>	0.44		
<i>Berbal na Interpretasyon</i>	Lubos na Mabisa		

Ang antas ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ng mga mag-aaral ayon sa Hikayat sa Gamit ay nakamit ng kabuuang weighted mean score na 4.67 at standard deviation na 0.44 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, lubhang mabisa sa tuntunin ng hikayat sa gamit batay sa mataas na weighted mean at

mababang standard deviation mula sa mga tagatugon. Nagpakita ito ng malikhaing tanong, kaaya-ayang presentasyon, at siglang nilalaman na nag-eengganyo at nagpapaaktibo ng atensyon para sa epektibong pagkatuto sa Filipino.

Talahanayan 6.

Antas ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino ng mga Mag-aaral Ayon sa Pag-uugali sa Pagkatuto

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
<i>Nagpapalakas ng aktibong pakikilahok sa talakayan ang paggamit ng Salowika Cards sa klase.</i>	4.74	0.44	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagbibigay-daan ang Salowika Cards sa mas mataas na motibasyon sa pag-aaral ng Filipino.</i>	4.65	0.48	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagpapatibay ng responsibilidad sa sariling pagkatuto ang paggamit ng Salowika Cards.</i>	4.57	0.50	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nag-uudyok ang Salowika Cards na pagbutihin ang pag-aaral upang makasabay sa mga aktibidad.</i>	4.63	0.49	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakatutulong ang Salowika Cards upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa mga aralin sa Filipino.</i>	4.69	0.47	Lubos na sumasang-ayon
<i>Weighted Mean</i>	4.66		
<i>SD</i>	0.45		
<i>Berbal na Interpretasyon</i>	Lubos na Mabisa		

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Pag-uugali sa Pagkatuto.

Nagpapalakas ng aktibong pakikilahok sa talakayan ang paggamit ng Salowika Cards sa klase na may ($M = 4.74$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Pag-uugali sa Pagkatuto at sinusuportahan ng ($SD = 0.44$). Gayundin, nakatutulong ang Salowika Cards upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa mga aralin sa Filipino na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.57$) na may ($SD = 0.50$), ipinapapakita pa rin nito na nagpapatibay ng responsibilidad sa sariling pagkatuto ang paggamit ng Salowika Cards.

Ang antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Pag-uugali sa Pagkatuto ay nakamit ng kabuuang weighted mean score na 4.66 at standard deviation

na 0.45 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ang Salowika Cards ay lubhang mabisa sa pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino sa tuntunin ng pag-uugali sa pagkatuto batay sa mataas na weighted mean at mababang standard deviation. Nagpakita ito ng malakas na epekto sa aktibong pakikilahok, pagpapanatili ng interes, at pagtataguyod ng sariling responsibilidad, na ginagawang epektibong tool para sa kolaboratibong pagkatuto.



Talahanayan 7.

Antas ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino ng mga Mag-aaral Ayon sa Pamamahala sa Pagkatuto

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
<i>Natutulungan ng Salowika Cards ang mga mag-aaral na magplano ng kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng mga aktibidad.</i>	4.57	0.50	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naiisaayos nang mas epektibo ang oras sa pag-aaral sa tulong ng Salowika Cards.</i>	4.56	0.50	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naipapakita ang wastong paggamit ng estratehiya sa pagbibigay ng sagot gamit ang Salowika Cards.</i>	4.69	0.47	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagkakaroon nang malinaw na layunin ang bawat aralin sa tulong ng Salowika Cards.</i>	4.67	0.48	Lubos na sumasang-ayon
<i>Natutukoy at nasusubaybayan ang pag-unlad sa pagkatuto sa pamamagitan ng mga gawain sa Salowika Cards.</i>	4.57	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.61		
SD	0.46		
Berbal na Interpretasyon	Lubos na Mabisa		

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pagkatuto.

Naipapakita ang wastong paggamit ng estratehiya sa pagbibigay ng sagot gamit ang Salowika Cards na may ($M = 4.69$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Pamamahala sa Pagkatuto _ at sinusuportahan ng ($SD = 0.47$). Gayundin, nagkakaroon nang malinaw na layunin ang bawat aralin sa tulong ng Salowika Cards na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.56$) na may ($SD = 0.50$), ipinapakita pa rin nito na naiisaayos nang mas epektibo ang oras sa pag-aaral sa tulong ng Salowika Cards.

Ang antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Pamamahala sa Pagkatuto ay

Talahanayan 8.

Antas ng Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino ng mga Mag-aaral Ayon sa Pamamahala ng Kasanayan

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
<i>Nahuhubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng lohikal na paliwanag sa tulong ng Salowika Cards.</i>	4.69	0.47	Lubos na sumasang-ayon
<i>Napauunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa bawat paggamit ng Salowika Cards.</i>	4.61	0.49	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nahahasa ang kasanayan sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng mga tanong at gawain sa Salowika Cards.</i>	4.61	0.49	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagagamit ang kaalaman sa wika upang makipag-ugnayan at makabuo ng sagot sa pangkat sa tulong ng Salowika Cards.</i>	4.70	0.46	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nabibigyan ang mga mag-aaral ng oportunidad na magamit ang kanilang kasanayan sa aktwal na sitwasyon sa pamamagitan ng Salowika Cards</i>	4.67	0.48	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.66		
SD	0.45		
Berbal na Interpretasyon	Lubos na Mabisa		

Nagagamit ang kaalaman sa wika upang makipag-ugnayan at makabuo ng sagot sa pangkat sa tulong ng Salowika Cards na may ($M = 4.70$) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Pamamahala ng Kasanayan at sinusuportahan ng ($SD = 0.46$). Gayundin, nahuhubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng lohikal na paliwanag sa tulong ng Salowika Cards na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M = 4.61$) na may ($SD = 0.49$), ipinapakita pa rin nito na napauunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa bawat paggamit ng Salowika Cards.

nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.61 at *standard deviation* na 0.46 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ang Salowika Cards ay lubhang mabisa sa pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino sa tuntunin ng pamamahala sa pagkatuto batay sa mataas na *weighted mean* at mababang *standard deviation*. Nagpakita ito ng wastong estratehiya sa sagot, malinaw na layunin ng aralin, at epektibong paggamit ng oras, na nagpapatunay ng kakayahang suportahan ang maayos na proseso ng pagkatuto.

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pamamahala ng kasanayan.

Ang antas ng pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Pamamahala ng Kasanayan ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.66 at *standard deviation* na 0.45 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ang Salowika Cards ay lubhang mabisa sa pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino sa tuntunin ng pamamahala ng kasanayan batay sa mataas na *weighted mean* at mababang *standard deviation*. Nagpakita ito ng epektibong paggamit ng wika sa kolaborasyon, paghubog ng lohikal na paliwanag, at pag-unlad ng pagbasa at pag-unawa, na



nagpapatunay ng bisa nito sa praktikal na aplikasyon ng kasanayan.

Talahanayan 9.

Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit

Puntos	Pagsusulit		Paglalarawan
	F	%	
90 – 100	16	30.18	Outstanding
85 – 89	6	11.32	Very Satisfactory
80 – 84	11	20.76	Satisfactory
75 – 79	11	20.76	Fairly Satisfactory
Below 75	9	16.98	Did Not Meet Expectation
Total	53	100	
Weighted Mean	84.59		
SD	6.32		
Berbal na Interpretasyon	Very Satisfactory		

Ang Talahanayan bilang 9 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

Sa limampu't tatlong tagatugon, ang marka na "90 - 100" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na labing-anim (16) o 30.18% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Outstanding*. At ang marka na "85 - 89" at "80 - 84" ay mayroong bilang na labing-isa (11) o 20.76% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory* at *Satisfactory* ayon sa pagkakasunod-sunod. Habang ang marka na "85 - 89" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na anim (6) o 11.32% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory*.

May kabuoang (*Weighted Mean* = 84.59, *SD* = 6.32) at (*pinakamababang marka* = 74, *pinakamataas na marka* = 96) ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory*.

Nagpapahiwatig ito ng epektibong natutunan mula sa Salowika Cards, na nagresulta sa maayos na range ng marka mula 74 hanggang 96 at minimal na mababang bilang sa hindi nakapagtagumpay.

Pagsusuri ng Paghahambing sa Epekto ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino batay sa Pag-uugali sa Pagkatuto, Pamamahala sa Pagkatuto, at Pamamahala ng Kasanayan, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*. Ang hakbang na ito ay mahalaga upang mapatunayan kung ang kolaboratibong kagamitang ito ay nagdulot ng makabuluhang pag-unlad sa tatlong pangunahing baryabol: Pag-uugali, Pamamahala, at Kasanayan sa Pagkatuto. Sinukat nito ang pagbabago sa kaalaman sa Filipino batay sa kanilang gawi at kakayahan sa self-regulation sa pagkatuto.

Talahanayan 10.

Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino

Source	Df	SS	MS	F	P	M	SD
Salowika Cards	5	.8414	.1683	6.1504	.000	4.66	0.45
Residual	48	1.3133	.0274			4.64	0.20
Total	53	2.1548					

Note: *M* = Mean; *SD* = Standard Deviation, *p* < .05

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng paggamit ng salowika cards bilang kolaboratibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapalawak ng kaalaman sa Filipino.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino sa kanilang Pagganap.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang pagganap sa pagitan ng mga Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino $F(5, 48) = 6.1504$, $p = .000$. Ito ay nagpapahiwatig na ang Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino ay may epekto sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* sa paggamit ng Salowika Cards ($M = 4.66$, $SD = 0.45$) ay nagkakaiba.

Ang mga resulta ng ANOVA at post hoc tests ay nagpapatunay na ang Salowika Cards ay may positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, na ibinunga ng makabuluhang pagkakaiba sa mga antas ng pagpapalawak ng kaalaman. Sa bahagyang mataas na mean score at napakababang p-value, ito ay epektibong kolaboratibong kagamitan na nagdulot ng measurable na pagpapabuti sa akademikong tagumpay.

Pagsusuri sa Prediksyon/Kaugnayan sa Pagitan ng Paggamit ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng paggamit ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagganap ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Regression Analysis*. Ang pamamaraang ito ay ginamit upang mataya ang antas ng prediksyon ng mga baryabol na may kaugnayan sa paggamit ng Salowika Cards kabilang ang Kagamitan sa Paglalaro, Mekaniks, Disenyo, Kalinawan, at Hikayat sa Paggamit sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pagsusuring ito ay magpapatibay sa ugnayan ng mga nasabing baryabol sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng datos, matutukoy kung aling bahagi ng kagamitan ang may pinakamalakas na impluwensya sa kanilang pagkatuto. Magsisilbi itong batayan sa pag-unlad ng mga interaktibong materyales na tumutugon sa pangangailangan ng kasalukuyang kurikulum. Ang interpretasyon ng estadistika ay magbibigay ng malinaw na ebidensya sa pagiging epektibo ng kagamitang pampagtuturo. Sa huli, layunin nitong itaas ang kalidad ng pagtuturo ng



Filipino gamit ang mga makabagong estratehiya. Magsisilbi itong matibay na batayan upang mapatunayan ang kahalagahan ng mga inobasyong kagamitan sa pagpapataas ng antas ng

pagkatuto sa asignaturang Filipino na Tiyak na mapauunlad nito ang pagkatuto at magiging epektibo ang mga kagamitan.

Talahanayan 11.

Regression Analysis sa Pagitan ng Salowika Cards Bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral

1. Dependent Variable: Pagganao_Overall

ANOVA ^a						
Model		Sum of Squares	Df	Mean Square	F	Sig.
1	Regression	29.751	5	5.9503	9.1012	0.014
	Residual	2821.1	48	58.7722		
	Total	2850.8	53			
a. Dependent Variable: Pagganap_Overall						
b. Predictors: (Constant), Kagamitan Overall, Mekaniks Overall, Disensyo Overall, Kalinawan Overall, Hikayat Overall						

Coefficients ^a						
Model		Unstandardized Coefficients		Standardized Coefficients	T	Sig.
		B	Std. Error	Beta		
1	(Constant)	46.1872	27.7419	101.9662	7.6649	.0025
	Kagamitan Overall	-2.1882	6.4727	10.826	6.3381	.0368
	Mekaniks Overall	-0.1059	4.5246	8.9914	1.0234	.2814
	Disensyo Overall	1.7427	5.3122	12.4235	5.3281	.0443
	Kalinawan Overall	-0.3636	5.1989	10.0895	1.0699	.2445
	Hikayat Overall	-0.7136	1.5822	2.4677	5.451	.046

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng Regression Analysis sa pagitan ng Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo sa antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral.

Ang *multiple linear regression* ay ginamit para mabigyang prediksiyon ang pagganap ng mga mag-aaral mula sa Kagamitan sa Paglalaro, Mekaniks, Disensyo, Kalinawan at Hikayat sa Gamit. Ang kabuoang modelo ay may istatistikang kabuluhan, nagpapaliwanag na ang Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ay may mahalagang bahagi ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral, $F(5, 48) = 9.1012$ $p < .01$, $R^2 = .49$, na nagpapakita na ang Salowika Cards bilang Kolaboratibong Kagamitang Pampagtuturo ay nagpapaliwanag ng 49% ng pagkakaiba-iba sa pagganap ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, ang mga katangian ng Salowika Cards ay malakas na prediktor ng akademikong tagumpay sa Filipino, na nagbibigay ng matibay na ebidensya para sa epektibo nitong paggamit sa kolaboratibong pagtuturo.

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.

1. Lumabas sa resulta na mayroong makabuluhang ugnayan ang Salowika Cards sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Filipino kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinanggap. Ito ay nagpapatunay na ang paggamit ng Salowika Cards ay isang mabisang estratehiya upang mas maging aktibo at produktibo ang mga mag-aaral sa kanilang talakayan, na nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa sa asignatura."

2. Gayundin, ipinakita ng resulta ng pag-aaral na mayroong makabuluhang epekto ang Salowika Cards bilang kolaboratibong kagamitan sa pagtuturo sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinanggap.

Makikita na mayroong positibong pagbabago sa mga mag-aaral sa oras ng talakayan simula ng gamitin ang salowika cards sa talakayan.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Inirerekomenda sa mga mag-aaral ang aktibong paggamit at pakikiisa sa paglalaro ng salowika cards sa oras ng talakayan upang mas mapaunlad ang pagkatuto sa paksa.
2. Iminumungkahi sa mga guro na I-integrate ang Salowika Cards sa regular na klase bilang core kolaboratibong aktibidad upang mapalakas ang pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral.
3. Inirerekomenda sa mga paaralan Isama ang Salowika Cards sa opisyal na teaching guide at training program para sa mga guro, kasabay ng digital version para sa blended learning. Maglaan ng budget para sa mass production at distribution ng Salowika Cards sa mga silid-aralan upang maging accessible sa lahat ng mag-aaral..Gayundin sa tagawa ng kurikulum na Gumawa ng mga variant ng Salowika Cards para sa iba pang baitang sa asignaturang Filipino upang mas mapahalagahan ang wikang pambansa.
4. Hinihikayat din sa mga susunod na mananaliksik na subukan ang epekto nito sa mas malaking sample, at mahabang retensyon ng kaalaman sa pamamagitan ng follow-up na pag-aaral.
5. Inirerekomenda din sa mga susunod na mananaliksik na gamitin ang salowika cards sa iba pang asignaturang kanilang itinatuturo upang mas mapalawig ang paggamit nito.



SANGGUNIAN

1. Cruz, M. L. (2020). *Makabagong Pedagoghiya sa Pagtuturo ng Wika*. Quezon City: Lathala Publishing.
2. Hartt, M., Hosseini, H., & Mostafapur, M. (2020). *Game On: Exploring The Effectiveness Of Game-Based Learning*. *Planning Practice & Research*, 35(5), 589-604.